

DAPat Managot: Apat na Taon ng Neoliberal na Atake sa Obrero sa ilalim ni Aquino

Ecumenical Institute for Labor Education and Research, Inc. (EILER)
Hulyo 2014

Sa kanyang talumpati sa World Economic Forum (WEF), pagpupulong ng mga malalaking negosyante at burukrata ng iba't ibang bansa na idinaos sa Makati noong Mayo, ibinida ni Pangulong Aquino ang pagkamit ng "inclusive growth" sa nakaraang apat na taon. Sa pananaw ng pangulo, nakinabang ang lahat ng sektor ng lipunan sa paglago ng ekonomiya dahil umano sa mga ipinatupad na reporma ng kanyang administrasyon.

Subalit sa perspektiba ng mga manggagawa at mamamayan, tanging malalaking negosyante at dayuhang namumuhunan lamang ang nakinabang. "Inclusive" lamang ang sinasabing paglago sa puntong isinangkalan ang mas maraming mamamayan para palaguin ang pribadong kapital. Ginatasan ang pwede pang gatasan, piniga ang pwede pang pigain, pinagtubuan ang pwede pang pagtubuan alinsunod sa balangkas ng neoliberalismo. Pinagbuhat ng trono ng mga kapitalista ang mas maraming manggagawa at mamamayan. Higit na binarat ang sahod para mas malaki ang ibulsa ng mga kapitalista habang walang preno ang pagsirit ng presyo. Nagpataw ng mga dagdag singil, at dinemolis ang mga komunidad ng maralita para tayuan ng mga *condominium* at iba pang gusali.

Sa hanay ng obrero, higit na naging sistematiko ang atakeng neoliberal sa sahod, trabaho at karapatan sa loob ng nakaraang apat na taon. Ipinatupad ni Noynoy ang mga anti-manggagawang programang nag-aastang repormang pangkaunlaran. Higit na pinaliit ang tunay na halaga ng sahod, pinasidhi ang kontraktwalisasyon at kawalang trabaho, at pinatindi ang atake sa mga unyon. Samantala, umarangkada ang mga malalaking negosyante tulad ni Henry Sy sa listahan ng "Forbes top billionaires."

Sa kabila ng realidad na ito, ipinipilit ng administrasyong Aquino ang umano'y paglago ng ekonomiya para ipagtanggol ang Disbursement Acceleration Program (DAP) matapos ideklarang hindi konstitusyonal ng Korte Suprema ang DAP. Ayon kay Aquino, ginamit ang multi-bilyong pondo ng mamamayan sa ilalim ng DAP para sa mga proyektong pangkaunlaran. Subalit malinaw sa mga ulat na ginamit ang pondo para sa korapsyon o di kaya'y sa implementasyon ng mga proyektong pinagtubuan ng mga pribadong kumpanya at ilang grupo.

Dapat panagutin si Noynoy Aquino sa kanyang mga anti-manggagawang patakaran at lantarang pandarambong sa pinaghirapang pera ng mga manggagawa at mamamayan.

Atake sa sahod

Alinsunod sa doktrinang neoliberalismo, mahigpit na itinutulak ni Aquino ang deregulasyon sa palengke ng paggawa para atakehin ang sahod ng mga manggagawa sa iba't ibang pamamaraan: pag-aalis ng anumang regulasyon na pumipigil sa mabilis na pagdausdos ng sahod, pag-aalis ng mga regulasyon na nagbibigay proteksyon sa trabaho tulad ng mga unyon, at pag-aalis ng mga hangganan ng oras ng trabaho.

Walang naging signipikanteng pagtaas sa tunay na halaga ng sahod ng obrero sa ilalim ng apat na taon ni Aquino. Bukod sa napakaliit ng umentong inaprubahan ng *regional wage*


boards, sunud-sunod din ang pagtaas ng presyo ng mga batayang bilihin at serbisyo. Sa National Capital Region (NCR) halimbawa, tumaas ang *nominal* na daily minimum wage ng P62 mula P404 noong 2010 tungo sa kasalukuyang P466, o P62 na pinagsama-samang umento. Pero sa aktwal, tumaas lang ng halos limang piso ang tunay na halaga ng minimum na sahod sa NCR, mula P335.55 patungong P340.15 dahil sa implasyon. Ang P466 na minimum sa NCR ay 45 percent lamang ng tinatayang P1,034 family living wage.

Minimum wage vs Real wage, NCR (2010-2014)

	2010	2011	2012	2013	2014
Minimum wage	404.00	426.00	446.00	466.00	466.00
Purchasing power	0.83	0.79	0.77	0.75	0.73
Real wage*	335.55	337.83	342.81	347.76	340.15

Note:

*komputasyon ng EILER gamit ang 2006 Consumer Price Index (CPI) bilang baseline



Malaking bahagi ng mga inaprubahang umento ng *regional wage boards* ay nasa porma ng Cost of Living Allowance (COLA) na hindi kasama sa komputasyon ng mga benepisyo. Pinakamataas na umento sa minimum na sahod sa ilalim ni Aquino ay nasa P30 pero inutay-utay (installment basis) pa ang implementasyon nito at COLA pa.

Sa maraming rehiyon kabilang ang Cordillera Administrative Region (CAR), Region 1, Region 2, Region 5 at Region 7, ipinatupad ang 2-3 taong wage hike moratorium kahit pa todo sirit ang presyo ng mga bilihin. Patunay ang mga ito na walang dapat asahan ang obrero sa natitirang 2 taon ni Aquino. Sa ilalim ng Wage Rationalization Act, na nasa 25 taon ng implementasyon ngayong taon, ang tanging tunguhin ng halaga ng sahod ay pababa. Samantala, lumiit ng mahigit 12 porsyento ang kakayahang bumili ng manggagawang Pilipino mula 2010 hanggang sa kasalukuyan.

Habang naliligo sa bilyung-bilyong pondo ng mamamayan ang mga korap na pulitiko at mga kasabwat, nagtitiis sa mumong pasahod ang mga manggagawa sa ilalim ni Aquino. Sa katunayan, ang tinatayang P140-bilyong pondo na kinulimbat ni Aquino at ipinamudmod sa mga mambabatas sa ilalim ng DAP ay katumbas ng sahod ng mahigit 1 milyong *minimum wage earners* sa Metro Manila sa loob ng isang taon!



Matapos ang pananalasa ng bagyong Yolanda sa bansa, idineklara ng DOLE ang *wage freeze* sa mga rehiyong apektado ng kalamidad sa bisa ng bagong resolusyon.¹ Binibigyan ng eksemplasyon ng nasabing resolusyon ang mga kumpanya mula sa anumang dagdag sahod na aaprubahan ng *regional wage boards* para tulungan umano makabangon ang mga negosyo. Malinaw sa kautusang ito na pabor pa rin ang administrasyong Aquino sa pangangalaga sa interes ng mga kapitalista kahit pa sa gitna ng kalamidad.

Kasabay ng nakapakong mababang halaga ng sahod sa bansa ay ang patuloy na pagsirit ng presyo ng mga pangunahing bilihin. Hinahagupit ang kakarampot na sahod ng matinding pagtaas ng presyo ng bigas, langis, LPG, tubig at kuryente. Tumaas ang presyo ng *well-milled rice* ng P10 mula Hunyo 2013 patungong P40 noong nakaraang buwan. Ayon sa Center for Women's Resources (CWR), nangangahulugan ito ng dagdag na P450 gastusin kada buwan para sa isang pamilyang kumokonsumo ng 1.5 kilong bigas kada araw. Ang LPG ay tumaas ng P100 hanggang P180 kada 11 kilo ng tangke. Noong nakaraang taon, tumaas ng 23 beses ang presyo ng langis, habang bumaba ng 16 beses lamang, na may netong pagtaas na P4.68 kada litro. Nakatakda rin ang pagtaas ng singil sa tubig na aabot ng 21% hanggang 30%. Ang presyo ng bawang ay tumaas nang hanggang P280 hanggang P350 kada kilo nitong Hunyo 2014.

Ang pagsirit ng presyo ay dulot ng ilang taong liberalisasyon sa kalakalan katulad ng pag-aangkat ng mga imported na agrikultural na produkto, deregulasyon sa industriya ng langis at pribatisasyon ng patubig at kuryente. Dahil sa mga patakarang ito, naging vulnerable ang mamamayan sa manipulasyon ng presyo ng mga pangunahing bilihin para sa ganansya ng mga dambuhalang lokal at internasyunal na kartel.

Mula sa *regionalization* ng pagtatakda ng sahod, itinutulak ni Aquino ang higit na deregulado at barat na patakaran sa sahod alinsunod sa dikta ng mga kapitalista. Sa pahayag mismo ng Employers Confederation of the Philippines (ECOP), dapat ay sa antas-kumpanya ang pagtatakda ng sahod at hindi na dapat pakialaman ng gobyerno.

Sa ilalim ng Two-Tier Wage System (2TWS), higit na bibigyang-laya ang mga kapitalista na magtakda ng dagdag-sahod gamit ang iba't ibang *productivity-based schemes*, bukod sa unti-unting pagbuwag sa minimum wage gamit ang *floor wage* na higit na mas mababa. Sa paggamit ng *productivity-based wage setting*, pinagkukumpetensiya ang mga manggagawa sa pag-abot ng *quota* o kaya *metrics* para sa konting *incentives* habang mas malaki ang tubong

¹ <http://newsinfo.inquirer.net/600979/dole-freezes-wage-hikes-in-disaster-areas>

nalilikha para sa kumpanya. Unang ipinatupad ang 2TWS sa CALABARZON sa bisa ng Wage Order No. 15, na nagtatakda ng fixed floor wage na P255 para sa mga newly hired at low-skilled na manggagawa at nagmumungkahi ng boluntaryong productivity-based pay na P12.50. Sa pinakahuling tala ng National Wages and Productivity Commission (NWPC), 68% ng mga kumpanya sa CALABARZON ang nagpapatupad ng productivity-based schemes.²

Para pababain ang bilang ng mahihirap at ibaba ang batayan ng minimum na sahod, ipinatupad ng administrasyong Aquino ang bagong metodolohiya sa pagsukat ng kahirapan. Ibinaba noong 2011 ang *poverty threshold*, o ang minimum na halagang kailangan para matustusan ang batayang pangangailangan ng isang Pilipino sa isang araw, ng P6 mula P52 patungong P46.³ Sa pagpapababa ng *poverty threshold*, binibigyang batayan ng administrasyong Aquino ang *floor wage* na higit na mas mababa sa minimum wage. Bukod dito, dagdag na batayan ang mas mababang *poverty threshold* para ibayong baratin ng mga kapitalista ang mga unyon sa negosasyon para sa dagdag-sahod.

Hindi pa nakuntento dito ang administrasyong Aquino. Kasalukuyang itinutulak ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS), ang pagbuwag sa *minimum wage* dahil umano pinalala nito ang kahirapan sa bansa. Ikinakatwiran nito na sagka ang *minimum wage* sa pag-*hire* ng mga kumpanya ng mas maraming manggagawa na tanggap ang mas mababang pasahod. Kahibangan ang argumentong ito dahil mas sasahol ang kabuhayan ng manggagawa kung mas mababa pa sa minimum ang kanyang sahod. Ang totoo, ang napakababang antas ng pasahod sa bansa ang nagpapalala ng kahirapan at kagutuman ng manggagawang Pilipino. Sa halip na buwagin ang minimum wage, dapat nga'y magkaroon pa ng makabuluhang dagdag-sahod ang lahat ng manggagawa.

Nakaayon ang higit na pagpapababa ng antas ng pasahod sa bansa na paghikayat ng mas maraming dayuhang namumuhunan, lalo pa't itinutulak ng mga alyado ni Noynoy sa Kongreso ang panukalang Charter change (Cha-cha) na laman ng House Resolution No. 1. Sa panukala, idagdag ang "unless otherwise provided by law" sa mga probisyon ng Konstitusyon hinggil sa pambansang patrimonya at pag-aari ng mga lupain, midya at iba pa. Ibig sabihin, sapat na ang mga ipapasang batas ng Kongreso para alisin ang konstitusyonal na limitasyon sa dayuhang pag-aari.

Mababa na nga ang sahod ng mga manggagawa, tinaasan pa ang kaltas sa porma ng pagtataas ng kontribusyon ng mga manggagawa sa Social Security System (SSS) simula nitong Enero. Bunga ng pagtataas ng SSS premium, may karagdagang P25 na kaltas kada buwan ang mga sumasahod ng minimum. Lumalabas na ang dagdag-singil ng SSS ay pandagdag sa ayudang kapital ng gobyerno sa mga malalaking negosyo, sa halip na gamitin sa pagpapalawig ng mga benepisyong natatanggap ng mga miyembro ng SSS. Itinaas din ng 100 porsyento ang kontribusyon sa Philippine Health Insurance (PhilHealth) mula P1,200 patungong P2,400 na dagdag pasanin sa mga manggagawa at migranteng Pilipino.

² http://www.dole.gov.ph/ro_polo_updates/view/782

³ http://www.ibon.org/ibon_features.php?id=250

Higit na pleksibilisasyon sa paggawa

Para higit pang atakehin ang sahod ng mga manggagawa at palaguin ang tubo ng mga negosyo, itinaguyod ng administrasyong Aquino ang mas sistematikong implementasyon ng pleksibleng paggawa sa ilalim ng iba't ibang kautusan. Bahagi nito ang pagpapasahol sa kontraktwalisasyon na maituturing na krimen sa uring manggagawa. Sa ilalim ng kontraktwalisasyon, binabarat ang sahod, winawasak ang kaseguruhan sa trabaho, at nilalabag ang karapatang mag-union at makipagtawaran ng mga manggagawa. Tinanganan ni Aquino ang pagbibigay ng Labor Code ng 1973 sa Sekretaryo ng Department of Labor and Employment ng kapangyarihan na magtakda ng mga alituntunin sa kontraktwalisasyon. Hindi binago ang naturang kapangyarihan ng Herrera Law, sa kabila ng pagsusog nito sa Labor Code.

Noong 2011, inaprubahan ng Department of Labor and Employment (DOLE) ang Department Order No. 18-A (DO 18-A), na siyang humalili sa DO 18 Series of 2002. Pinahihintulutan ng kautusan ang mas malaganap na kontraktwalisasyon na naayon sa itinakdang pamantayan tulad ng sapat na kapitalisasyon at rehistrasyon ng kontraktor. Sa kabila ng mga pagbabango ng patakaran, malinaw na inililigtas nito ang malalaking kumpanya na nangongontrata mula sa pananagutan sa mga kontraktwal. Ang tanging may pananagutan ay ang maliliit na kontraktor at mga “cabo.” Sa ganitong balangkas, hinihikayat nito ang patung-patong na suson na kontraktwalisasyon na higit na magpapababa ng sahod ng manggagawa at lilikha ng ligalig sa trabaho.

Hinihikayat din ng administrasyong Aquino ang iba pang pleksibleng paggawa tulad ng *compressed workweek* at *flexi-time schedule* sa bisa ng DOLE Advisory No. 4 series of 2010 para pataasin ang tubo ng mga kumpanya. Sa *compressed workweek* halimbawa, sa halip na Lunes hanggang Sabado ang operasyon ng isang kumpanya, ginawang Lunes hanggang Biyernes na lang. Ang palusot ng DOLE, makakabawas daw ito sa matinding trapik sa Kamaynilaan. Subalit ang totoo, sahod ang inaatake sa *compressed workweek*. hindi ituturing na *overtime* ang sobra sa 8 oras sa nasabing *workdays*, at kung gayon ay walang *overtime pay* ang manggagawa kahit hanggang 12 oras ang trabaho. Higit pa rito, mababawasan ang buwanang sahod ng mga manggagawa dahil binabawasan ang bayad na araw ng pagtrabaho nila. Malaki rin ang natitipid ng kumpanya sa *overhead costs* sa pagpapaikli ng *workweek*. Sa tala ng DOLE nitong Abril, daan-daang kumpanya na ang nagpapatupad ng *compressed workweek*.

Sa ilalim din ng pamamahala ni Aquino, inaprubahan ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang BSP Circular No. 765, na mas kinaklaro ang iskemang *outsourcing* sa mga bangko. Halos wala itong pagkakaiba sa BSP Circular No. 268, na unang nagpahintulot ng *outsourcing* at kontraktwalisasyon sa *banking industry* alinsunod sa partikular na probisyon ng General Banking Law of 2000. Sa BSP Circular No. 765, nakasaad na hindi maaring i-*outsource* ang: *services normally associated with placement of deposits and withdrawals, granting of loans, position-taking, managing of risk exposures, and strategic decision-making.* Ibig sabihin, ang *managerial positions* lang ang hindi pwede i-*outsource*. Sa kasalukuyan, halos lahat ng posisyon sa bangko, mula tellers hanggang ATM replenishment personnel, ay kontraktwal sa ilalim ng third party service providers.

Lumalalang kawalan ng trabaho

Bigo ang rehimeng Aquino na ibaba ang bilang ng mga Pilipinong walang trabaho sa loob ng apat na taong panunungkulan nito. Hindi ito nakapagtataka dahil sa ipinagpatuloy niya ang bangkaroteng modelo ng paglikha ng trabaho na nakaasa sa dayuhang pamumuhunan. Mula nang maupo si Aquino sa Palasyo, tumaas ang bilang ng mga walang trabaho patungong 2.9 milyon nitong Abril mula 2.71 milyon noong Hulyo 2010. Ibig sabihin, tumaas ng humigit-kumulang 200,000 ang nadagdag sa bilang ng mga walang trabaho batay sa konserbatibong pagtataya mismo ng gobyerno.

Kung sarbey ng Social Weather Stations (SWS) ang pagbabatayan, tumaas ang tantos ng kawalan ng trabaho sa bansa mula 22.5% noong 2010 patungong 25.7% nitong Marso na katumbas sa 11.5 milyong Pilipino. Ibig sabihin, isa sa bawat apat na manggagawang Pilipino ay walang trabaho sa ilalim ni Aquino sa ngayon.

Tumaas din ang bilang ng *underemployed* o iyong mga manggagawang naghahanap ng karagdagang trabaho, mula 6.5 milyon noong Hulyo 2010 patungong 7 milyon nitong Abril. Nangangahulugan ito ng 500,000 karagdagang *underemployed* na Pilipino na sumasalamin sa mababang kalidad at mababang pasahod sa mga umiiral na trabaho sa ilalim ni Aquino.

Tulad sa ilalim ng mga naunang presidente, nakatuon ang paglikha ng trabaho sa mga sektor na nakaasa sa pribadong kapital at kung saan walang kaseguruhan sa trabaho. Nananatiling nakatuon ang training programs ng TESDA sa pag-prodyus ng mga manggagawa para sa construction, business process outsourcing, at maliitang negosyo.

Indikasyon ng lumalalang kawalan ng trabaho at mababang pasahod sa bansa ang di maampat na pangingibang-bansa ng maraming Pilipino – na sinusuhayan ng pagtataguyod ng *labor export policy* ni Aquino. Noong 2013, mahigit sa 1.84 milyong Pilipino ang nangibang-bansa para maghanap ng trabaho, o katumbas ng mahigit 5,000 Pilipino na umaalis kada araw. Higit na mas mataas ito kumpara sa 1.47 milyong Pilipinong nangibang-bansa noong 2010. Pangunahing trabaho na pinapasukan ng mga migranteng Pilipino ay domestic services kung saan talamak ang paglabag sa mga karapatang pantao at kadalasa’y masahol ang kondisyon sa paggawa.

Atake sa mga unyon at karapatan, at ang militanteng paglaban ng mga manggagawa

Sa ilalim ng apat na taon ni Aquino, nagpatuloy ang matinding paglabag sa karapatang mag-unyon ng mga manggagawa at ang pag-atake sa militanteng kilusang unyon.

Unang taon pa lang ni Aquino sa Malakanyang, mahigit 272,000 na agad ang naging pagliit ng bilang ng mga manggagawang kasapi ng unyon mula 1.63 milyon noong 2009 patungong 1.35 milyon noong 2010. Sa yugtong ito, kaliwa’t kanan ang malawakang tanggalan (kabilang ang outsourcing sa *Philippine Airlines*) na lantarang inendorso ng DOLE. Sa kasalukuyan, hindi hihigit sa 2 milyong manggagawa ang miyembro ng mga unyon o 5.2% lang ng 38 milyong may trabaho. Sa hanay ng mga unyonisado, nasa 230,000 lang ang nasasaklaw ng collective bargaining agreement (CBA), na kalimita’y hindi ipinapatupad ng mga kumpanya. Nagpatuloy din ang marahas na pagsupil sa mga obrero. Batay sa ulat ng Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR), 18 unyonista at lider-maralita na ang pinaslang sa ilalim ni Aquino habang 200 manggagawa ang sinampahan ng gawa-gawang kaso.

Sa ilalim ni Aquino, higit na naging tampok ang mga pagtatangkang durugin ang unyon. Partikular ang kaso ng unyon sa NXP Semiconductors Cabuyao, isa sa mga pinakamalaking kumpanya ng elektroniks sa bansa. Tinanggal ang 24 opisyal ng unyon noong Mayo 5 sa paratang ng manedsment na naglunsad sila ng “illegal strike” sa hindi pagpasok sa mga regular na holiday noong Abril at noong Mayo Uno. Naganap ang tanggalan sa harap ng negosasyon para sa bagong CBA kung saan 8% ang panukalang umento ng mga manggagawa, habang 3.5% lang ang iginiit ng NXP. Lumalabas na naka-direksyon ang pagtanggap sa mga lider ng NXP sa pagdiskaril sa CBA *negotiations* at sa pagdurog sa militanteng unyon.

Noong Marso 2012, inilunsad ng rehimeng Aquino ang “public-private partnerships on labor governance,” na naglalayong patampukin ang *tripartism* maging sa pagpapatupad ng mga *labor standards* at sa pagbubuo ng “voluntary codes of good practices.” Laman ito mismo ika-limang punto ng 22-point Labor Agenda ni Aquino sa Paggawa, kung saan nakasaad na makikipagtulungan ang gobyerno sa pribadong sektor para patatagin ang “tripartite cooperation” at itaguyod ang “industrial peace”. Matapos ang isang taon, pinirmahan ni Aquino ang batas na lumilikha ng National Tripartite Industrial Peace Council (NTIPC), gayundin ang batas hinggil sa “mandatory conciliation.” Sa tripartismo, lalo binibigyang puwang ang pakikipagsabwatan ng gobyerno at mga kapitalista para i-pwersa ang *settlement* na di pabor sa mga manggagawa.

Itinaguyod din ng rehimeng Aquino ang public private partnership (PPP) sa “labor governance,” kung saan itinataguyod ang “voluntary codes of good practices” at “self-assessment” ng mga kumpanya. Sa pagtataguyod ng “self-assessment”, itinatali ang gobyerno ang kamay nito sa pagtitiyak na naitataguyod ang karapatang pang-manggagawa habang pinapalusot ang mga kapitalista sa mga paglabag nila.

Sa ilalim ni Noynoy makikita ang epekto ng pagderegularisa sa pagmonitor ng DOLE sa pagsunod ng mga kumpanya sa mga labor standards lalo na sa usaping pangkaligtasan sa loob ng lugar paggawaan. Sa ilalim ni Noynoy naganap ang mga matitinding trahedyang sa loob ng lugar paggawaan na kumitil sa buhay ng mga manggagawa dahil sa kapabayaan ng mga kumpanyang magpatupad ng mga patakarang pangkaligtasan at pangkalusugan. Ang ilan sa mga ito ay ang Eton 11 Tragedy, kung saan 11 mangggawang construction worker ang nahulog sa gondola noong taong 2011 at 10 rito ang namatay, ang 49 na manggagawang namatay sa mga minahan sa Semirara, Antique at sa Pantukan, Compostela Valley noong taong 2011 at 2012, at ang 17 manggagawa nang nagkasunog sa isang department store sa Butuan City, at ang kamakailan na 8 manggagawang namatay sa loob ng nasusunog na warehouse sa Pasay City⁴. Sa lahat ng mga kaso ng pagkamatay sa loob ng lugar-paggawa, wala kahit isang kumpanya at kapitalista ang napanagot ng gobyerno ni Noynoy.

Hindi tumutugon sa panawagan ng manggagawa para sa karagdagang sahod, mabilis naman ang pagpasa sa mga batas na pumapabor sa mga dambuhalang kapitalista sa industriya ng BPO katulad ng pagsasabatas ng R.A. 10151 o “An Act Allowing the Employment of Night Workers” na inalis ang prohibisyon sa pagpapatrabaho sa mga kababaihang manggagawa sa

4 <http://www.iohsad.org/4/14/press-release/mining-construction-among-deadliest-sectors-filipino-workers-%E2%80%93-safety-ngo>

gabi, gayong napatunayan na ng mga pag-aaral ng World Health Organization na ang *nighwork* ay nakakategoryang Class 2A carcinogen⁵.

Inilalatag din ni Noynoy ang programang pang-edukasyon na K+12 na nagdagdag ng 2 taon sa sekundaryong edukasyon at nagdidiin sa *vocational training* para magprodyus ng bagong henerasyon ng pleksible at murang lakas paggawa. Maaari nang maging bahagi ng lakas paggawa ang mga kabataan pagtapos nila sa Grade 12.

Sa kabilang banda sa sama-samang pagkilos at militanteng paglaban ng mga manggagawa, nakakamit ang tagumpay para sa manggagawa. Katulad ng naabot na tagumpay ng mga manggagawang pinamumunuan ng UMDFP-CCBPI-IND o Unyon ng mga Manggagawang Driver, Forklift Operator, at Picker sa Coca Cola Sta Rosa-Independent na nagtatrabaho sa Coca Cola Sta. Rosa, Laguna.⁶ Naipagwagi ng unyon ang pagpaparegularisa sa mga manggagawa nito matapos ang tatlong araw na welga.

Gayundin ang tagumpay ng mga manggagawa sa plantasyon ng sagingan sa Compostela Valley nitong Enero 2014 kung saan ibinalik ng higanteng kumpanyang SUMIFRU ang 140 unyonista na iligal na tinanggal noong Disyembre 2013 matapos na sila ay magdeklara ng welga⁷. Ang mga manggagawa ay ilegal na tinanggal sa trabaho nang hindi pumayag ang mga manggagawa na pumirma sa isang waiver na nagsasabing hindi na nila gagawin ang aksyong makakasira sa kumpanya. Sa pamumuno ng Nagkahiusang Mamumu-o sa Suyapa Farms (NAMASUFA-NAFLU-KMU) at ng Packing Plant 92 Worker's Union, matagumpay na ginabayan ang mga manggagawa sa tangkang union busting ng kumpanya.

DAP: Balon ng korapsyon at ayudang neoliberal

Sa kabila ng todong pagdepensa ng Palasyo sa Disbursement Acceleration Program (DAP), idineklara kamakailan ng Korte Suprema na labag sa Konstitusyon ang mahahalang aspeto ng DAP batay sa petisyon ng mga progresibong grupo kabilang ang Bagong Alyansang Makabayan (Bayan). Muling nabaling ang atensyon ng publiko sa bilyun-bilyong pondo kinulimbat ni Pangulong Aquino mula sa iba't ibang ahensya at proyekto para makalikom ng panuhol sa mga mambabatas na magtataguyod ng adyenda ng Palasyo sa Kongreso at Senado.

Kinakatwiran ng gobyerno na ang DAP ay isang "stimulus package" na naglalayong pabilisin ang paggastos ng gobyerno sa pampublikong pondo na inaasahang magtutulak ng pangekonomiyang pangkaunlaran. Ito ay inaprubahan ng Administrasyong Aquino noong Oktubre 12, 2011 sa mungkahi ng Development Budget Coordination Committee (DBCC) at ng mga miyembro ng kabinete. Ang palusot ng Palasyo, nag-ambag daw ang DAP sa paglago ng ekonomiya.

Ang pondo ng DAP ay nagmula sa umano'y "savings" na nalikom ng gobyerno kada taon mula sa mga proyekto at programa ng iba't ibang ahensya nito, kahit hindi pa tapos ang mga nasabing proyekto. Isinama na rin ang mga pondong mula sa "Unprogrammed Fund" ng General Appropriations Act ng 2011, ang mga hindi na-release na bahagi ng taunang badyet

5 <http://www.iohsad.org/12/10/women/shift-work-classified-class-2a-carcinogen-who>

6 <http://bulatlat.com/main/2013/05/24/coke-workers-share-outpouring-of-happiness-successfully-conclude-three-day-strike/>

7 <http://newsdesk.asia/when-workers-defeat-corporate-interests/>

at “unobligated allotments” mula sa mga “slow-moving” na proyekto at mula sa mga karagdagang kita ng gobyerno. Tanging si Pangulong Aquino ang may diskresyon o pagpapasya kung paano ibinahagi at ginastos ang napakalaking pondong ito. Kaya maituturing na pork barrel din ito ng Pangulo.

Sa konserbatibong pagtanya, umaabot na sa P142 bilyon ang pondong inilaan para sa DAP mula 2011-2012. Noong taong 2013, umabot sa P15.13 bilyon ang pondo ng DAP ayon sa Department of Budget and Management (DBM). Ang mga pondo ay ipinadaan sa mga ahensya ng gobyerno, sa mga senador at kongresista, sa mga lokal na pamahalaan at maging sa mga pekeng NGO na hawak ni Janet Lim-Napoles. Kung mayroon mang napuntang pondo sa mga proyekto ay kakarampot lang ito. Wala ring pinagkaiba ang mga proyektong pinondohan ng DAP sa proyektong pinondohan ng Priority Development Assistance Fund (PDAF) – patse-patse, panandalian at hindi tumutugon sa istrategikong kailangan ng mga manggagawa at mamamayan.

Ilan sa mga proyektong pinondohan ng DAP ang mga sumusunod:

- P1.819 bilyon para sa Office of the Presidential Adviser on the Peace Process funds para sa mga proyektong pangkapayapaan kaugnay ng kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng Government of the Philippines at sa Cordillera People's Liberation Army (2011)
- P5.5 bilyong nakalaan para sa iba't ibang mga proyektong pang-imprastruktura (2011)
- P6.5 bilyong “LGU support fund” ng Department of the Interior and Local Government at ng Department of Budget and Management na nakalaan para sa mga lokal na pamahalaang nangangailangan ng tulong pinansyal sa pagpapatupad ng mga proyekto (2011)
- P8.592 bilyong pondo para sa Autonomous Region in Muslim Mindanao Transition and Investment Support Plan na sumasaaklaw sa malawak na layuning “creation of enabling environment for PPP towards equitable growth, improvement of public safety and security, cleansing the electoral system” (2011)
- P250 milyong pondo para sa Performance Challenge Fund o “People Powered Community Driven Development” na bahagi ng pagsugpo sa kahirapan (2011)
- P6.5 bilyong pondo upang pandagdag sa umiral na Priority Development Assistance Fund projects (2011)
- P2 bilyong pondo para sa proyekto ng mga National Roads para sa probinsya ng Tarlac, kung saan naroon ang Hacienda Luisita na pagmamay-ari ng pamila ng Pangulo (2012)

Ang katangian ng mga proyektong nakapailalim sa DAP na mga fast-moving at quick-disbursing o mabilis na pagbayad ng pampublikong pondo ay nakadiseno para maging lagusan ng korapsyon at katulad ng pork barrel ay magamit para sa patronage politics at panunuhol ng administrasyon. Inilahad ni Sen. Jinggoy Estrada na ang P475 milyong pondo mula sa DAP ay ginamit ng pangulo para sa impeachment ni Justice Corona noong Disyembre 2011 sa pagbibigay ng tig-P50 milyong DAP funds para sa mga Senador. Ang DAP ay malinaw rin na ginagamit upang mabigyan ng karagdagang pondong makokorap ang mga kaalyado ng administrasyon sa kongreso at sa mga lokal na pamahalaan at maging ng mga bogus na NGOs ni Napoles upang malayang lustayin ang pampublikong pondo.

Mas masahol ang DAP sa pork barrel ng mga kongresista at mga senador o PDAF sapagkat di tulad ng PDAF na ang halaga ay nakatakda na sa taunang budget na isinasabatas, sa ilalim ng DAP ang buong pambansang budget ay maaaring gamitin ng Pangulo para sa DAP. Ikakategorya lamang nito na “savings” o “unused obligations” ang pondo at awtomatik na itong magagamit ng Pangulo kung saan nito naisin. Iniikutan ng DAP ang *appropriation* na isinagawa ng Kongreso para sa pambansang badyet sa bawat taon na dumaaan pa sa deliberasyon upang maging isang batas (ang GAA).

Taliwas sa layon ng DAP na magsilbing stimulus o mitsa ng pag-unlad sa ekonomiya, ang katangian ng mga proyekto sa ilalim ng DAP ay hindi nakatuon sa mga sektor na nararapat na magtutulak ng pag-unlad sa ekonomiya at sa halip ay nakatuon sa mga kagyat na mga delivery ng mga serbisyo at mga “soft projects” na wala namang implementasyon sa realidad, mga proyektong pang-imprastruktura ng mga pinapaborang pulitiko (epal projects) bilang bahagi ng paghahahanda sa nalalapit na eleksyon sa 2016, at napupunta lamang sa bulsa ng mga korap na opisyal at mga pinapaboran at bogus na NGOs.

Napakalaking pondo ang DAP na dapat sana’y ginamit para sa pagtugon sa mas kritikal na pangangailangan ng manggagawa at mamamayan. Sa halip na likumin ang pondo mula sa iba’t ibang ahensya at gawing pantustos sa korapsyon at *political patronage*, dapat na maglaan ang gobyerno ng mas malaking badyet sa edukasyon (partikular ay subsidyo sa state colleges and universities), pagpapaunlad ng serbisyong kalusugan, at pagpapaunlad ng public mass transport system sa halip na pagsasapribado nito.

Malinaw na walang kongkretong pagtaas ng antas ng pamumuhay sa ilalim ng apat na taon ni Noynoy Aquino. Sa halip, higit na nasadlak sa kahirapan at kagutuman ang mga manggagawa at mamamayan, samantalang lumobo ang yaman ng mga malalaking negosyante at maging ang yaman ng mga korap na burukrata sa gobyerno. Malinaw ang kawalan ng panlipunang katarungan at ang kriminal na pananagutan ni Noynoy sa obrerong matagal na niyang pinahihirapan. Panahon na para panagutin ang pangunahing pasimuno ng korapsyon at ng kasalukuyang neoliberal na atake sa manggagawang Pilipino. #